4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino 4

Kuwarter 4

Aralin

1

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 4**
**Kuwarter 4: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Maria Fe G. Hicana (Philippine Normal University – Manila)

**Tagasuri**

- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>**Nauunawaan ang tekstong naratibo (mito).**<br>a. Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br>**Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.**<br>a. panandang konteksto –kasingkahulugan<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>a. Pangatnig<br>● pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>● pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang<br>**Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap.**<br>**Nagagamit ang mga angkop na elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal (babala) batay sa layon.** |
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo<br>AKDANG NARATIBO:<br>Mito<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Pangatnig: Magkatimbang at Di-Magkatimbang<br>Hugnayang Pangungusap |

| | |
|---|---|
| | TEKSTONG BISWAL:<br>babala |
| **D. Integrasyon** | Paksa tungkol sa kahinahunan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| *EXCLUSIVE: Ang mga brilyante ng mga Sang'gre*. (n.d.). Www.youtube.com. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=AH1T0xy5seU<br>Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>*images - Google Search*. (n.d.). Www.google.com. https://www.google.com/search?q=images<br>*Kanayon: Ang Hukuman ni Mariang Sinukuan*. (2012, February 18). Kanayon. https://kanayon.blogspot.com/2012/02/ang-hukuman-ni-mariang-sinukuan.html<br>*Republic Act No. 10533 \| GOVPH*. (2013, May 15). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/ |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**ENKANTADYA:** Pagtukoy sa mga bathala/diyos/diyosa ng mitolohiya batay sa paghula sa mga larawan.<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Bathula:** Ipahula sa mga mag-aaral ang mga bathala /diyos /diyosa na nasa larawan.<br>Maaaring gawin ito sa pamaamgitan ng palabunutan ng pangalan o sa *wheelofnames.com.*<br>Gawing gabay ang mga pangalan na nasa kahon.<br>Apo Laki<br>Bathala Alunsina<br>Tala Venus | Ipaalala sa mga mag-aaral na tinalakay na sa Ikatlong Kuwarter, Unang Aralin ang tungkol sa Mitolohiya. Bilang balik-aral, tukuyin ang mga bathala/diyos/diyosa na nasa larawan sa pamamagitan ng Bathula. Maaaring gamitin ang *wheelofnames.com* para tumawag ng mag-aaral kung may internet na magagamit, kung wala naman ay magpalabunutan na lamang upang tumawag ng sasagot. Ipapakita ang larawan na |



1. - pinakamataas na diyos sa katutubong Pilipino
   - naninirahan sa kalangitan



2. - diyosa ng mga bituin
   - kapatid ni Mayari



3. - diyos ng araw
   - patron ng mga mandirigma




4. - diyosa ng Silangang Kalangitan ng Panay
   - iniwan ang asawa niyang si Tungkung Langit





5. - diyosa ng pag-ibig at kagandahan ng mga Romano
   - tinatawag siyang Aphrodite sa mitolohiya ng mga Griyego

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Pahapyaw na talakayin ito ng guro. Ipabasa sa mga mag-aaral.




nasa ppt o maaaring gumupit ng larawan ng mga bathala/diyos/diyosa na ipapahula na nasa larawan at ipahula ito. Sa pagsagot, gawing gabay ang mga pangalan na nasa kahon. Ang makakasagot ay may karagdagang puntos.

**Mga Tamang Sagot:**

1. Bathala
2. Tala
3. Apo Laki
4. Alunsina
5. Venus

Pagkatapos ng gawain ng Bathula, tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kinalaman nito sa paksang tatalakayin.

Tanungin din ang mga mag-aaral kung ano ang naaala nila sa tinalakay na Mitolohiya noong ikalawang kuwarter.

Ipabasa ang kahulugan ng mitolohiya at pahapyaw na talakayin ito sa mga mag-aaral. Ipabasa ito sa mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **BRILYANTE NG MGA SANG'GRE: PAGPAPAKILALA SA MITOLOHIYA**<br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Panonood.** Ipapanood sa mga mag-aaral ang isang bahagi ng fantaseryeng Encantadia, pagkatapos sagutin ang mga gabay na tanong:<br>1. Tungkol saan ang napanood mong bahagi ng fantaserye?<br>2. Ano-anong uri ng brilyante ang ibinigay?<br>3. Nais mo rin bang makatanggap ng brilyante?<br>4. Anong brilyante ang nais mong matnaggap? Bakit?<br>5. Anong mahahalagang ideya ang nais nitong iparating sa mga manonood ng fantaserye?<br><br>Mula sa: EXCLUSIVE: Ang mga brilyante ng mga Sang'gre https://www.youtube.com/watch?v=AH1T0xy5seU<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Hulagot:** Bago basahin ang kuwento ng mitolohiya, basahin ang bawat pangungusap. Hulaan kung paano ginamit ang mga salitang may guhit sa paraang denotasyon at konotasyon. Isulat ang sagot sa patlang. Pag-aralan ang halimbawa.<br><br>**Denotasyon:** Si Kabunian ang itinuturing na <u>diyos</u> ng mga taga-Benguet.<br>**Sagot:** <u>sinasamba, dinadakila</u><br>**Konotasyon:** Huwag mo sanang gawing <u>diyos</u> ang pera.<br>**Sagot:** <u>mangibabaw sa buhay, unahin sa lahat</u><br><br>Samakatuwid ang denotasyon ay ang literal na kahulugan ng salita o kahulugan mula sa diksiyonaryo; samantalang ang konotasyon ay ang malalim na pakahulugan sa salita o iba pang nais ipakahulugan.<br><br>**PAGSASANAY:**<br>1. **Denotasyon:** Lubhang malungkot si Ibong Martines dahil nabasag ang mga <u>itlog</u> niya.<br>**Sagot:** ____________________________________________<br><br>**Konotasyon:** Hindi ako nakapag-aral nang husto kaya <u>itlog</u> ang nakuha kong iskor.<br>**Sagot:** ____________________________________________ | Nangnagailanagn ng android/smart na telebisyon upang maipapanood ang bahaging ito ng fantaseryeng Encantadia. Kung wala ay idownload ng guro bago ipapanood. Gawing gabay ang mga tanong.<br><br>Bago ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging ito ay talakayin muna ang kahulugan ng Denotasyon at Konotasyon.<br><br>Ipabasa ang halimbawa at ipaunawa sa mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. **Denotasyon:** Ooperahan siya sa <u>puso</u> bukas.<br>**Sagot:** __________________________________<br><br>**Konotasyon:** Halos madurog ang <u>puso</u> ni Martines nang makita niyang nabasag ang lahat ng itlog niya.<br>**Sagot:** __________________________________<br><br>3. **Denotasyon:** Nakita kong palipad-lipad si Alitaptap at may dalang <u>apoy.</u><br>**Sagot:** __________________________________<br><br>**Konotasyon:** Huwag kang maglaro ng <u>apoy</u> na sisira sa buhay mo.<br>**Sagot:** __________________________________<br><br>4. **Denotasyon:** Itinaas ng magandang diwata ang kaniyang <u>kamay</u> para payapain ang lahat.<br>**Sagot:** __________________________________<br><br>**Konotasyon:** Mahaba ang <u>kamay</u> ng kalaro ko, nawala agad ang pitaka ko.<br>**Sagot:** __________________________________<br><br>5. **Denotasyon:** Kulang ka ng tubig kaya masakit ang <u>ulo</u> mo.<br>**Sagot:** __________________________________<br><br>**Konotasyon:** Matigas ang <u>ulo</u>, hinahanap pa rin niya si Alimango at lihim na nagdadala ng itak tuwing gabi.<br>**Sagot:** __________________________________ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br><br>**BRILYANTE NG APOY: NAGLILIYAB NA KAALAMAN**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Ang Hukuman ni Mariang Sinukuan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Gawing patnubay ang mga gabay na tanong upang maiugnay ang mga dating karanasan ng mag-aaral sa inaasahang matututuhan bago basahin ang tampok na aralin.<br>1. Ano ang kaibahan ng mitolohiya sa iba pang kuwento?<br>2. Sino-sino ang naaalala mong pangalan ng mga diyos/diyosa mula sa ating mga kapuloan? | Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang mitolohiya. |

3. Bakit kaya mahalagang pag-aralan ang mitolohiya ng ating bansa?

**Pagbasa ng Mitolohiya**

**Ang Hukuman ni Mariang Sinukuan**

Mula sa: https://kanayon.blogspot.com/




Kinuha mula sa:
https://www.youtube.com/watch?v=Dy57MJJnZp8

Mula sa bundok ng Arayat sa Pampanga ay may kinikilalang napakagandang engkantada. Ang magandang diwata ay kilala bilang si Mariang Sinukuan, isang mabait at makatuwirang diwata. Mayroon siyang hukuman na naging sagisag ng katarungan at pag-ibig. Sa kaniyang hukuman nagtutungo ang mga tao at hayop na nakatira sa Bundok Arayat upang magsumbong at humingi ng payo.

Isang araw, narinig ni Mariang Sinukuan ang malakas na pag-iyak ni Ibong Martines. Ipinatawag niya si Martines sa kaniyang hukuman at halos madurog ang puso niya sa lungkot nang ipakita ni Martines ang sirang pugad at basag na mga itlog nito.

"Ano ang nangyari sa iyong pugad, mahal kong ibon?" tanong ni Maria kay Martines.

"Kasi po kagabi," humihikbing huni ni Martines, "biglang dumamba nang dumamba si Kabayo at natapakan ang aking pugad."

Madaling nagsiyasat ang magandang diwata at ipinatawag si Kabayo. "Bakit ka dumamba nang dumamba kagabi na ikinabasag ng mga itlog ni Martines?" tanong ni Maria nang dumating si Kabayo sa kaniyang hukuman.

"Kasi po," mahinay na halinghing ni Kabayo, "nagulat ako nang biglang kumokak nang malakas si Palaka."

Ipinatawag ni Mariang Sinukuan si Palaka at tinanong, "Bakit ka biglang kumokak nang malakas kagabi na ikinagulat ni Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?"

"Kasi po," paos na kokak ni Palaka, "humingi lamang po ako ng saklolo dahil nakita kong dala ni Pagong ang kaniyang bahay."

Agad namang ipinatawag ni Maria si Pagong. "Bakit dala mo ang bahay mo kagabi kaya natakot at kumokak si Palaka kaya dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?"

Makabubuting tumawag ng mga mag-aaral na magbabasa ng linya ng bawat hayop. Maaaring magbago ng boses upang umakma sa karakter na gagampanan. Tumawag ng walong mag-aaral na kakatawan kay Mariang Sinukuan, Ibong Martires, Kabayo, Palaka, Pagong, Alitaptap. Lamok. Alimango.

| | | |
|---|---|---|
| | "Kasi po," humihingal na paliwanag ni Pagong, "natakot akong masunog ang aking bahay dahil nakita kong palipad-lipad si Alitaptap at may dalang apoy."<br><br>Ipinatawag naman ni Maria si Alitaptap at tinanong, "Bakit may dala kang apoy kagabi kaya nagbuhat ng bahay si Pagong kaya natakot si Palaka kaya dumamba nang dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?"<br><br>"Kasi po," kutitap ni Alitaptap, "kailangan kong magdala ng apoy para pananggalang laban kay Lamok na palipad-lipad at may dalang itak."<br><br>Lalong nahiwagaan si Maria sa pangyayari. Kaya agad niyang ipinatawag si Lamok. "Bakit may dala kang itak kagabi kaya nagdala ng apoy si Alitaptap kaya nagbuhat ng bahay si Pagong kaya natakot si Palaka kaya dumamba nang dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?"<br><br>Hindi agad nakasagot si Lamok. Tumingin siya sa paligid at nakita niyang naghihintay ng kaniyang sagot ang mga hayop sa hukuman.<br><br>"Kasi po," paputol-putol na ugong ni Lamok, "hinahanap ko si Alimango."<br><br>"At bakit naman may dala ka pang itak sa paghahanap kay Alimango?" nahihiwagaang usisa ng diwata.<br><br>"Kasi po, gusto ko pong gumanti sa ginawa niya sa akin," paliwanag ni Lamok. "Noong isang linggo bigla na lamang niya akong sinipit. Mabuti at hindi niya nasipit ang aking leeg. Pero nasugatan ang aking isang paa."<br><br>Nawala ang pagtitimpi ni Lamok at galit na galit na umugong-ugong. "Ngayong magaling na ang aking paa, talagang hahanapin ko siya upang managot sa ginawa niya! Alam kong nagtago siya pero susuotin ko ang lahat ng butas at bitak hanggang makita ko ang taksil na si Alimango!"<br><br>Masyadong nadala si Lamok ng sama ng loob at wala sa loob na iwinasiwas ang kaniyang itak. Hindi sinasadya, dumulas ang itak sa kaniyang kamay at muntik nang tamaan sa ulo si Palaka.<br><br>Sa takot, napalundag at kumokak nang malakas si Palaka. Dahil nagulat, dumamba nang dumamba si Kabayo. Dala-dala ang kaniyang bahay na nagtago si Pagong. Nagningas ang apoy ni Alitaptap at lumipad na dala ang pugad ni Martines.<br><br>Itinaas ng magandang diwata ng Arayat ang kaniyang kamay para payapain ang lahat. Pagkatapos, itinuro niya si Lamok at nagwika, "Masyado kang marahas, Lamok. Nagulo ang aking kaharian nang dahil lamang sa sama ng iyong loob kay Alimango." | |

"Dapat mong malaman na ang karahasan ay nagdudulot ng kapahamakan." Kaya, pinagbawalan niyang magdala uli ito ng itak. Pagkatapos, pinayuhan niya si Martines na huwag nang gagawa ng pugad sa lupa.



Kinuha mula sa:
https://www.youtube.com/watch?v=Dy57MJJnZp8

Mula noon, sa ituktok ng punongkahoy na gumagawa ng pugad si Martines. Pero matatakutin pa rin at malakas kumokak si Palaka. Dumadamba pa rin nang dumadamba si Kabayo kapag natatakot at dala-dala pa rin ni Pagong ang kaniyang bahay. Samantala, lagi pa ring may dalang apoy si Alitaptap kapag gabi.

At ang Lamok? Matigas ang ulong hinahanap pa rin niya si Alimango at lihim na nagdadala ng itak tuwing gabi. Kung may naririnig kayong kulisap na paugong-ugong sa inyong tainga, ang Lamok iyon. Sapagkat hanggang ngayon ay hinahanap pa rin niya sa butas ang alimango na akala niya'y sa butas ng tainga naninirahan.

## BRILYANTE NG TUBIG: UHAW NA PAGSASANAY

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Tukuyin ang sanhi at bunga ng mga nakasaad na pangyayari batay sa binasang teksto. Gawing batayan ang nasa talahanayan.

**SANHI**

1. Ginawa ni Kabayo ______________________________
2. Ginawa ni Pagong ______________________________
3. Sanhi ng pagdadala ng apoy ni Alitaptap ______________________________
4. Nagalit nang husto si _______________ kay Alimango
5. Nagulo ang kaharian ni Mariang Sinukuan nang dahil lamang sa _____________________

**BUNGA**

1. Kaya ang nangyari sa mga itlog ni Martires ay _______________________
2. Kaya kumokak nang _____________ si Palaka.
3. Upang makaiwas kay Alitaptap na may dala ng ______________
4. Masyadong nadala si Lamok ng galit kaya hindi sinasadyang _______________________
5. Mula noon, si Martires ay _______________________

**BRILYANTE NG HANGIN: BUGSO NG NATUTUHAN**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**A. TUMPAKNERS.** Humanap ng kapareha. Pag-usapan muli ang mahahalagang pangyayari sa binasang mitolohiya. Kailangang mapagkasunduan ng magkapareha ang sasabihin, tiyaking ito ay tumpak at sabay na sasabihin kapag tinawag ng guro sa harap ng klase. Tunghayan ang halimbawa:

**Guro:** Kabayo **Tumpakners:** dumamba nang dumamba


Kailangang sabay na sasabihin ng magkapareha ang sagot (hal. dumamba nang dumamba) kapag magkaiba ng sinabi ay hindi na kasali. Tatawag muli ng panibagong pares ang guro.

| **Guro** | **Tumpakners** (Inaasahang sasabihin, maaaring iba basta may kaugnayan sa sinabi ng tauhan) |
|---|---|
| alitaptap | *apoy* |
| pagong | *bahay* |
| alimango | *sipit* |
| martires | *itlog* |
| lamok | *galit* |

**B. BABALAMAN**. Humanap ng kapareha. Pag-usapan ang bawat sitwasyon batay sa babalang nakatala sa kaliwang bahagi ng talahanayan. Isulat sa kanang bahagi ang inyong kaalaman hinggil dito.

| **BABALA** | **KAALAMAN** |
|---|---|
|  | Naglalakad kayo nang makita niyo ang babalang ito. Ano ang gagawin niyo? ______________________________ ______________________________ |
|  | Nakasakay kayo sa dyip at nakapaskil ang babalang ito. May lalaking nainigarilyo sa harap ninyo. Ano ang sasabiin ninyo? ______________________________ ______________________________ |
|  | Nasa mall kayo nang makita mo ito sa *Food court.* Ano ang gagawin mo sa pinagkainan ninyo? ______________________________ ______________________________ |

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na magka-partner na kailangang sabay sa

| | |
|---|---|
|  | Ano ang babalang sinabi ni Mariang Sinukuan kay Lamok?<br>________________________________________<br>________________________________________ |
|  | Ano naman ang ipinayo ni Mariang Sinukuan kay Martires?<br>________________________________________<br>________________________________________ |

**Kaugnay na Paksa 2:** Pangatnig na Magkatimbang at Di-Magkatimbang Hugnayang Pangungusap

**Ipaunawa sa mga Mag-aaral:** Ang **hugnayang pangungusap** ay binubuo ng isang pangungusap o isang sugnay na makapag-iisa at isa pang sugnay na hindi makapag-iisa. Ginagamitan ito ng mga pangatnig na *dahil, kung, upang, kapag* at *iba pa.* Maihahalintulad ito sa **pangatnig na di-magkatimbang** na maaaring nagpapakita ng sanhi o dahilan o sinasalungat ng pangawalang kaisipan ang naunang kaisipan. Binubuo rin ito ng sugnay na makapag-iisa at sugnay na di makapag-iisa. Samantalang ang **pangatnig na magkatimbang** ay nag-uugnay ng mga salita, parirala, at sugnay na magkatimbang o makapag-iisa ang mga sugnay nito.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa.**
   Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Suriin kung paano ginamit ang pangatnig sa pangungusap na initiman at tukuyin kung ito ay Magkatimbang o Di-Magkatimbang. Isulat sa patlang ang **M** kung magkatimbang at **DM** kung di-magkatimbang.

____1. Dumadamba pa rin nang dumadamba si Kabayo **kapag** natatakot.
____2. Mabuti at hindi nasipit ni Alimango ang aking leeg **pero** nasugatan ang aking isang paa.
____3. Kailangan kong magdala ng apoy **para** pananggalang laban kay Lamok na palipad-lipad at may dalang itak.
____4. Itinaas ni Mariang Sinukuan ang kaniyang kamay **upang** payapain ang lahat.
____5. Hanggang ngayon ay hinahanap pa rin ni Lamok ang butas ng alimango na **sapagkat** ang akala niya ay butas ng iyong tainga.

pagsasalita ng katangian o may kinalaman sa sasabihin ng guro. Kapag hindi nagkasabay sa pagsasalita at magkaiba ng sinabi ay hindi na kasali. Pumili lamang ng dalawang partner na magwawagi para sa kargadagang puntos.

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pinatnubayang Pagsasanay.**<br>Sumulat ng sariling pangungusap gamit ang mga pangatnig na nakasaad.<br>1. subalit<br>**Pangungusap**: ______________________________<br>2. at<br>**Pangungusap:** ______________________________<br>3. kasi<br>**Pangungusap:** ______________________________<br>4. o<br>**Pangungusap:** ______________________________<br>5. dahil<br>**Pangungusap:** ______________________________<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay.**<br>Buoin ang hugnayang pangungusap na nakasaad batay sa binasang teksto.<br>1. Lagi pa ring may dalang apoy si Alitaptap kapag ________________<br>2. Dumadamba pa rin nang dumadamba si Kabayo kung ____________<br>3. Dahil sa __________, napalundag at kumokak nang malakas si Palaka.<br>4. Pinayuhan ni Mariang Sinukuan si Martines na huwag nang gagawa ng pugad sa lupa upang ________________________________________<br>5. Kung may __________kayong kulisap na paugong-ugong sa inyong tainga, tiyak ang Lamok iyon. | Ipaalala sa mga mag-aaral na ang paksa tungkol sa Pangatnig na Magkatimbang at Di-Magkatimbang at Hugnayang Pangungusap ay natalakay na sa Ikatlong Kuwarter |
| **D. Paglalahat** | **BRILYANTE NG LUPA: PAGSIBOL NG TUGON**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>A. Basahing muli ang tampok na teksto: “Ang Hukuman ni Mariang Sinukuan.” Sa kuwaderno, sumulat ng limang sanhi at bunga ng pangyayari.<br><br>B. Batay pa rin sa tekstong binasa, sumulat ng limang hugnayang pangungusap at pangatnig na magkatimbang. Guhitan ang mga pangatnig na ginamit. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Nilay-Hinay:** Basahing Mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br>1. Sa iyong palagay, kung hindi nagalit si Lamok kay Alimango, hindi kaya magkaakgulo sa kaharian ni Mariang Sinukuan? Ipaliwanag.<br>2. Kung ikaw si Mariang Sinukuan, pareho ba ang igagawad mong parusa kina Lamok at Martires? Bakit?<br><br>Magsalaysay ng iyong karanasan na nagpapakita ng kahalagahan ng kahinahunan. Humanadang ibahagi ito sa klase. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br><br>**A.** Lagyan ng tsek (/) kung ang nakasaad ay tumutugon sa binasang teksto.<br>1. tauhan<br>______ diyos o diyosa na may taglay na kapangyarihan<br>______ taong nakatira sa komunidad at makapangyarihan<br>2. hukuman<br>______ lugar kung saan ipinatawag ang mga hayop<br>______ lugar kung saan ipinatawag ang mga nahuli<br>3. tagpuan<br>______ kulturang kinabibilangan ng mga hayop<br>______ pinagdausan ng naganap sa mito<br>4. tagubilin<br>______ aral ng kuwento<br>______ utos na kailangang sundin<br>5. wakas<br>______ huling pangungusap ng mito<br>______ katapusang bahagi ng mito<br><br>**B.** Buoin ang sanhi at bunga ng mga pangyyari batay sa binasang teksto.<br>1. Dahil sa pagdamba nang pagdamba ni kabayo ________________________________.<br>2. ________________________________ nabulabog ang kaharian ng Mariang Sinukuan.<br>3. Ang kaharasan ay nagdudulot ng ______________________________________.<br>4. Hindi na nagpupugad sa lupa si Martires kaya naman _________________________. | |

5. Hanggang ngayon ay galit pa rin si Lamok kay Alimango kaya _______________________________________________.

**C.** Gamitin sa pangungusap ang mga pangatnig na magkatimbang at di - magkatimbang.

*Magkatimbang*
1. saka -_______________________________________________
2. maging - ____________________________________________
3. pati -_______________________________________________
4. ngunit -_____________________________________________
5. datapwat - __________________________________________

*Di-magkatimbang*
1. nang - ______________________________________________
2. pag - _______________________________________________
3. kaya - ______________________________________________
4. kung gayon- _________________________________________
5. dahil sa - __________________________________________

Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bawat babala.

| BABALA | PALIWANAG |
|---|---|
|  | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |
|  | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |
|  | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
1. Gumuhit ng isang babala sa *oslo paper o card board* na maaaring ipaskil sa silid-aralan o paaralan ninyo. Kulayan ito at ilahad sa klase.
2. Pag-aralan ang tungkol sa Epiko para sa susunod na paksa.

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>